

# Lebel ng performans sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa baitang 8 sa paggamit ng learning activity sheet at modyul

Fabilane, Shella E. ✉

Sorsogon State University, Philippines ([sheila.fabilane1987@gmail.com](mailto:sheila.fabilane1987@gmail.com))

Pante, Diana Joy B.

Sorsogon State University, Philippines ([dianajoypante17@gmail.com](mailto:dianajoypante17@gmail.com))

Janer, Susan S.

Sorsogon State University, Philippines ([sihjaner@sorsu.edu.ph](mailto:sihjaner@sorsu.edu.ph))



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received:** 10 January 2022

**Available Online:** 17 January 2022

**Revised:** 15 January 2022

**DOI:** 10.5861/ijrse.2022.109

**Accepted:** 17 January 2022

## ***Abstract***

This study aimed to determine the “Level of Performance of Grade 8 students in Filipino using the Learning Activity Sheet and Module” for SY 2021-2022. Quantitative and descriptive analysis research design were used to gather the data. T-test for two (2) independent means was also used to measure the significant difference in the performance of the students who answered the LAS and Module as a tool in the data gathering. Purposive sampling is used to determine the number of respondents in this study. The respondents were of fifty (50) Grade 8 students from the two sections of the STE class at Gubat National High School. 25 students from 1st group of Grade 8 answered the module, while 25 students from Grade 8 2nd group answered the LAS. The two groups were selected through the fishbowl method and toss coin determined who will be given the module or the LAS. The significant difference of the students’ performance using the two modes was determined by a teacher-made summative test, data analysis was done with the following: mean, percentage, T-test, frequency count, and ranking. The result revealed the following: the level of performance of those who used module is 89% or higher and those who answered the learning activity sheet had the performance level of 91% or very high. It has no significant difference in the use of module or learning activity sheet. This made the conclusion that the use of LAS or module did not affect the students’ performance in Filipino 8.

***Keywords:*** Filipino subject, grade 8 students, learning activity sheet, module, performance

## Lebel ng performans sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa baitang 8 sa paggamit ng learning activity sheet at modyul

### 1. Introduksyon

Mahalaga ang gampanin ng edukasyon sa paghulma ng kalinangan at kasanayan ng mga mag-aaral sapagkat isa itong matibay na pundasyon bilang isang indibidwal. Layunin ng edukasyon na magkaroon ng kaalaman sa mga bagay-bagay at impormasyon sa kasalukuyan, sa hinaharap at sa kinabukasan. Ito ang nagsisilbing mekanismo na humuhubog sa isipan, damdamin at pakikisalamuha sa kapwa ng isang tao. Ito rin ang dahilan ng mga mabubuti at magagandang pangyayari sa ating mundo at ginagalawang kapaligiran. Sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay may mahalagang gampanin ang guro upang makamit ang isang makalidad na edukasyon. Ngunit, sa mabilis na pagkalat ng Covid-19 sa buong mundo, malaki ang naging epekto nito sa larangan ng edukasyon. Dahil sa banta sa kalusugan ng bawat isa na walang pinipiling edad ang maaaring biktima ang suspensyon ng klase sa iba't ibang paaralan ay ipinatupad. Malaking banta ito sa paglinang ng kalaman ng mga mag-aaral dahil sa pagsasara ng mga institusyon. Ayon nga sa Konstitusyon 1987 na matatagpuan sa Artikulo XIV, Seksyon 1. Dapat pangalagaan at itaguyod ng Estado ang karapatan ng lahat ng mga mamamayan sa mahusay na edukasyon sa lahat ng antas at dapat magsagawa ng angkop na mga hakbang upang matamo ng lahat ang gayong edukasyon.

Ayon sa OECD o *Organisation for Economic Co-operation and Development* (2020), ang Pilipinas ay nasa proseso ng pakikisabay sa bagong normal na anyo ng edukasyon sa kasalukuyan, at ang patuloy na mga inobasyon ng mga guro at aktibong pakikilahok ng iba pang mga ahensya ang nagsisilbing susi sa pag-abot ng tagumpay. Maraming mga sistema ng edukasyon ang gumamit ng online upang ipagpatuloy ang mga gawaing pampaaralan, upang payagan ang pagtuturo na magpatuloy sa kabila ng mga pagsasara ng paaralan. Banggit ni Bagood (2020), ang paglilipat ng pagtuturo sa paghahatid ng pagkatuto mga paaralan sa modular distance learning na ginawang mas mahirap, sa bahagi ng mga tauhan ng paaralan, ang paghahatid ng pangunahing kalidad ng edukasyon. Kaya naman ang mga pinuno ng Kagawaran ng Edukasyon ay laging naghahanap ng mga paraan upang malutas ang mga problema at pagpapalakas sa mga guro at pinuno ng paaralan nito upang maging mas epektibo sa larangan ng modular distance learning.

Sa isang modelo ng pagtataya ng pagkatuto na binuo ni Cabigao (2021), ngayong Covid-19 pandemic, binigyang-diin niya ang tatluhan-ugnayan ng mga salik na nakaaapekto sa pagtataya. Binanggit niya na upang maging epektibo sa pagtataya, mahalaga ang ugnayan ng guro at mag-aaral. Malaking hamon sa panahon ng pandemyang ito ang pagtataya ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Banggit ni Quinones (2020), para sa pagpapatuloy ng edukasyon sa bawat paaralan kinakailangan pa ring matugunan ang pagbibigay ng kalidad na edukasyon sa bawat mag-aaral. Kaya naman sa panahon ng pandemya ang distance learning ay magsisilbing paraan sa pagtuturo sa bagong normal. Binigyang diin sa pag-aaral nina Dangle at Sumaoang (2020) na naipakita na ang mga pangunahing hamon na lumitaw ay ang kakulangan ng pondo sa paaralan sa paggawa at paghahatid ng mga modyul, ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa sariling pag-aaral, at ang kakulangan ng kaalaman ng mga magulang upang gabayan sa akademya ang kanilang mga anak. Kaya naman, maliwanag na may mga pakikibaka na nauugnay sa paggamit ng modular distance learning.

Sa DepEd Order No. 12, s. 2020, ang integrasyon ng awtput sa "*Basic Education- Learning Continuity Plan*", ang tanggapan ng Kalihim ay nagpalabas ng sumusunod na prinsipyo: una, protekahan ang kalusugan at kaligtasan ng bawat mag-aaral at lahat ng kawani ng pamahalaan at pagsugpo sa pagkalat ng Covid-19. Ikalawa, sikapin ang pagpapalaganap ng sulong edukalidad ng K-12 Kurikulum, katugmaan ng mga kagamitang panturo ayon sa mga mahahalagang kasanayang pampagkatuto, pagsasanay ng mga guro at mga mag-aaral at oryentasyon sa mga magulang o tagapangalaga ng bawat mag-aaral. Turan ni Llego (2020), ang "*Distance learning Modalities*" ay maaaring makatulong sa pagpapa-unlad ng *access* sa edukasyon, at paglinang sa pagkatuto, maging sa pagpapalaganap ng "*Basic-Education- Learning Continuity Plan*" sa pagtugon sa hamon

ng pandemya tulad ng ng Covid-19, pagkalat ng nakahahawang sakit tulad ng *Ebola*, at mga natural na kalamidad. Sa pamamagitan ng pagsunod sa apat na pamamaraan ng “distance learning modalities” maaaring maging susi ito upang maitawid ang pagtuturo at pagkatuto.

Batay sa pag-aaral na isinagawa ni Ambayon (2020), modular na pamamaraan ay mas mainam sa paraan ng pagkatuto ng pagtuturo na itinumbas sa karaniwang mga dulog sa pagtuturo dahil sa dulog na ito ang mga mag-aaral ay matututo sa sarili nilang hakbang. Ito ay walang limitasyong pansariling pag-aaral kung saan ang madalian na pag-analisa sa mga aralin. Ang komento ay ibinigay upang gawin ang pagsasanay o gawain na nagpapasigla sa mga mag-aaral at nagkakaroon ng pagkamausisa sa kanila. Samakatuwid, ito uri ng pamamaraan ng pagkatuto ay nagpapataas ng *student centered approach* sa pag-aaral. Gayunpaman, ang pagpapatupad ng *modular* na pagtuturo ay nagsulong ng iba't ibang hamon sa mga guro, mag-aaral, at mga magulang.

### 1.1 Paglalahad ng Suliranin

Layunin pag-aaral na ito na matukoy ang pagkakaiba ng lebel ng performans sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 8 na gumamit ng Learning Activity Sheet at Modyul sa Taong Panuruan 2021-2022 ng Gubat National High School. Sinagot sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod: (1) Ano ang Lebel ng performans ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa asignaturang Filipino na gumamit ng: a. Learning Activity Sheet? b. Modyul? (2) May mahalagang pagkakaiba ba sa performans ng mag-aaral sa Baitang 8 sa asignaturang Filipino na gumamit ng Learning Activity Sheet at modyul?

### 1.2 Pamamaraang Ginamit

Ginamit ang kwantitatibo at deskriptib analisis na disenyo ng pananaliksik at gumamit din ng T-test for 2 Independent Means upang matukoy kung mayroon bang mahalagang pagkakaiba ang performans ng mag-aaral sa Baitang 8 sa asignaturang Filipino na gumamit ng *learning activity sheet* at modyul. Purposive sampling ang ginamit sa pagtukoy sa mga kalahok. Binubuo ng 25 mag-aaral na sumagot sa modyul at nagmula sa pangkat ng Cassiopeia samantala 25 mag-aaral naman ang sumagot sa *learning activity sheet* na galing sa pangkat ng Chameleon. Sa pamamagitan ng toss a coin isinagawa ang pagpili sa pangkat na sasagot sa modyul at sa learning activity sheet. Ginamit ang mga tala ng resulta sa mga *learning activity sheet* at modyul upang matukoy kung may pagkakaiba ba sa performans ng mag-aaral. Inalisa, sinuri, at binigyan ng interpretasyon sa tulong ng nararapat na estadistika tulad ng frequency count, mean, bahagdan, T-Test at pagrarango.

## 2. Mga Natuklasan

Natiyak sa pag-aaral na ito ang pagkakaiba ng lebel ng performans sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 8 na gumamit ng Learning Activity Sheet at Modyul sa Taong Panuruan 2021-2022 ng Gubat National High School.

### 2.1 Ang lebel ng performans ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa asignaturang Filipino na gumamit ng:

#### *Learning Activity Sheet at Modyul*

Makikita sa talahanayan 1 ang resulta ng Summative Test ng mga mag-aara na gumamit ng learning activity sheet na kung saan 17 ang nakakuha ng 90-100 bahagdan na may deskripsyong napakataas, sinundan 16 mag-aaral na nakakuha ng 85-89 bahagdan na may deskripsyong mataas, samantala 12 ang nakakuha ng 80-84 bahagdan na may deskripsyong katamtaman, na sinundan ng 2 mag-aaral na nakakuha ng mababa sa 75 deskripsyong hindin nakamit ang kasanayan. Sa kabuoan ang performans lebel ng mga mag-aaral na gumamit ng learning activity sheet ay 91% na may deskripsyong napakataas ng lebel ng performans.

Napatunayan ito sa pag-aaral na isinagawa ni Ambayon (2020), modular na pamamaraan ay mas mainam sa paraan ng pagkatuto ng pagtuturo na itinumbas sa karaniwang mga dulog sa pagtuturo dahil sa dulog na ito ang mga mag-aaral ay matututo sa sarili nilang hakbang. Ito ay walang limitasyong pansariling pag-aaral kung saan

ang madalian na pag-analisa sa mga aralin. Ang komento ay ibinigay upang gawin ang pagsasanay o gawain na nagpapasigla sa mga mag-aaral at nagkakaroon ng pagkamausisa sa kanila. Samakatuwid, ito uri ng pamamaraan ng pagkatuto ay nagpapataas ng *student centered approach* sa pag-aaral. Gayunpaman, ang pagpapatupad ng *modular* na pagtuturo ay nagsulong ng iba't ibang hamon sa mga guro, mag-aaral, at mga magulang.

### Talahanayan 1

#### *Summative Test ng mga Mag-aaral na Gumamit ng Learning Activity Sheet*

Marka	Frequency	Bahagdan (%)	Deskripsyon
90-100	17	68	Napakataas
85-89	3	12	Mataas
80-84	3	12	Katamtaman
75-79	0	0	Mababa
Mababa sa 75	2	8	Hindi nakamit ang kasanayan
	Kabuoan	100	PL-91% Napakataas

*Lebel:* Napakataas - 90-100, mataas - 85-89, katamtaman - 80-84, mababa - 75-79, at hindi nakamit ang kasanayan – mababa sa 75.

Makikita sa talahanayan 2 ang resulta ng Summative Test ng mga mag-aaral na gumamit ng modyul na kung saan 16 ang mag-aaral nakakuha ng 90-100 bahagdan na may deskripsyong napakataas, sinundan ito ng 2 mag-aaral na nakakuha ng 85-89 bahagdan na may deskripsyong mataas, samantala 3 naman ang nakakuha ng 80-83 bahagdan na may deskripsyong katamtaman, 1 ang nakakuha ng 75-79 bahagdan na may deskripsyong mababa at 3 ang nakakuha ng mababa sa 75 bahagdan na may deskripsyong hindi nakamit ang kasanayan. Sa kabuoan ang performans lebel ng mga mag-aaral na gumamit ng modyul ay 89 % na may deskripsyong mataas ng lebel ng performans.

### Talahanayan 2

#### *Summative Test ng mga Mag-aaral na Gumamit ng Modyul*

Marka	Frequency	Bahagdan (%)	Deskripsyon
90-100	16	64	Napakataas
85-89	2	8	Mataas
80-84	3	12	Katamtaman
75-79	1	4	Mababa
Mababa sa 75	3	12	Hindi nakamit ang kasanayan
	Kabuoan	100	PL-89% Napakataas

*Lebel:* Napakataas - 90-100, mataas - 85-89, katamtaman - 80-84, mababa - 75-79, at hindi nakamit ang kasanayan – mababa sa 75.

Napabigyang diin ito sa OECD o *Organisation for Economic Co-operation and Development* (2020), ang Pilipinas ay nasa proseso ng pakikisabay sa bagong normal na anyo ng edukasyon sa kasalukuyan, at ang patuloy na mga inobasyon ng mga guro at aktibong pakikilahok ng iba pang mga ahensya ang nagsisilbing susi sa pag-abot ng tagumpay. Maraming mga sistema ng edukasyon ang gumamit ng online upang ipagpatuloy ang mga gawaing pampaaralan, upang payagan ang pagtuturo na magpatuloy sa kabila ng mga pagsasara ng paaralan.

#### 2.2 Mahalagang pagkakaiba ba ang performans ng mag-aaral sa Baitang 8 sa asignaturang Filipino na gumamit ng Learning Activity Sheet at modyul

Makikita sa talahanayan 3 na walang mahalagang pagkakaiba ang performans ng mag-aaral sa na gumamit ng modyul at ng gumamit ng learning activity sheet. Mapapansin na ang *critical t-value* ay 1.711 ay mas malaki sa *computed t-value* na 0.56918 kung kaya't ang resulta ng pag-aaral ay *not significant* o walang mahalagang pagkakaiba. Nais lamang ipagpakahulugan nito na ang performans ng mga mag-aaral ay hindi naapektuhan magkaiba man ang pamamaraang ginamit sa pagtuturo.

Napatunayan ito sa pag-aaral na isinagawan ni Ambayon (2020), modular na pamamaraan ay mas mainam sa paraan ng pagkatuto ng pagtuturo na itinumbas sa karaniwang mga dulog sa pagtuturo dahil sa dulog na ito ang mga mag-aaral ay matututo sa sarili nilang hakbang. Ito ay walang limitasyong pansariling pag-aaral kung

## Performans sa asignaturang Filipino ng mag-aaral sa baitang 8 sa paggamit ng learning activity sheet at modyul

saan ang madalian na pag-analisa sa mga aralin. Ang komento ay ibinigay upang gawin ang pagsasanay o gawain na nagpapasigla sa mga mag-aaral at nagkakaroon ng pagkamausisa sa kanila. Samakatuwid, ito uri ng pamamaraan ng pagkatuto ay nagpapataas ng *student centered approach* sa pag-aaral. Gayunpaman, ang pagpapatupad ng *modular* na pagtuturo ay nagsulong ng iba't ibang hamon sa mga guro, mag-aaral, at mga magulang.

### Talahanayan 3

*Pagkakaiba ng ang Performans ng Mag-aaral sa Baitang 8 sa Asignaturang Filipino na Gumamit ng Learning Activity Sheet at Modyul*

Statistical Bases	Statistical Analysis
Level of Significance	0.05
Degree of Freedom	24
Critical $t_{0.05}$ value	1.711
Computed $t_{0.05}$ value	0.56918
Decision on $H_0$	not rejected
Conclusion	not significant

### 3. Konklusyon at Implikasyon

Batay sa natuklasan, nabuo ang sumusunod na konklusyon: Ang lebel ng performans ng mga mag-aaral sa Baitang 8- sa asignaturang Filipino na gumamit ng modyul ay 89 bahagdan na may deskripsyong mataas ang lebel ng kasanayan samantala ang lebel ng performans ng mga mag-aaral na gumamit ng learning activity sheet ay 91 bahagdan na may deskripsyong napakataas ng lebel ng performans. Walang mahalagang pagkakaiba ang performans ng mag-aaral sa Baitang 8 na gumamit ng modyul at ng gumamit ng learning activity sheet. Nais lamang ipagpakahulugan nito na ang performans ng mga mag-aaral ay hindi naapektuhan magkaiba man ang pamamaraang ginamit sa pagtuturo. Sapagkat, ang *critical t-value* ay 1.711 ay mas malaki sa *computed t-value* na 0.56918 kung kaya't ang resulta ng pag-aaral ay *not significant* o walang mahalagang pagkakaiba.

Wala man gaanong implikasyon ang paggamit ng module at learning activity sheet, ipinapahiwatig naman nito na epektibo ang paggamit ng Modular Distance Learning bilang behikulo ng pagkatuto at pag-aaral ng mga mag-aaral sa panahon ng krises pangkalusugan. Sa pagpapatuloy ng edukasyon sa bawat paaralan kinakailangan pa ring matugunan ang pagbibigay ng kalidad na edukasyon sa bawat mag-aaral. Kaya naman sa panahon ng pandemya ang *distance learning* ay magsisilbing paraan sa pagtuturo sa bagong normal (Quinones,2020). Magkaiba man ang paraan o daluyan ng pagbibigay sa modular na pagkakatuto sa mga mag-aaral, mapapansin parin batay sa resulta ng pag-aaral na halos walang pinagkaiba ang resulta ng paggamit ng Modyul kumpara sa paggamit ng Learning Activity Sheet, parehas nito naabot ang mataas na kasanayan ng pagkatuto sa araling Filipino 8.

#### 3.1 Rekomendasyon

Batay naman sa mga resulta at konklusyon ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na mga rekomendasyon ay nabuo: Ipagpatuloy paggamit ng learning activity sheet para sa patuloy na paglinang ng kasanayan ng mag-aaral na nakapag-aaral ng mag-isa. Maaaring bawasan ang mga gawain ng mag-aaral sa modyul at ilang mahahabang basahin upang matamo din ang napakataas na lebel na performans sa pagsagot ng modyul ng mga mag-aaral. Hikayatin ang mga guro na mag-isip ng iba pang paraan ng pagkatuto at pagtuturo sa mga mag-aaral, maliban sa paggamit ng LAS at modyul upang mas mapataas ang lebel ng performance ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Maaaring suportahan ng administrador ng paaralan ang mga ginagawang pamamaraan ng guro na makatulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa panahon ng pandemya.

### 4. Talasanggunian

Ambayon, E. (2020). Modular-based approach and student's achievement in literature. *International Journal of*

- Education and Literary Studies*, 8(3). from <https://doi.org/10.7575/aiac.ijels.v.8n.3p.32>
- Bagood, J. B. (2020). *Teaching-learning modality under the new normal*. Philippine Information Agency. Retrieved from <https://pia.gov.ph/features/articles/1055584>
- Cabigao, J. R. (2021). *School-Based Assessment Framework Version 2.0 (The New Normal)*. IJAMR. 106106108.
- Dangle, Y. R. P., & Sumaoang J. D. (2020). *The implementation of modular distance learning in the Philippine secondary public schools. 3rd International Conference on Advanced Research in Teaching and Education*. Retrieved from <https://www.dpublication.com/abstract-of-3rd-icate/27-427/>
- Department of Education. (2020). Retrieved from [https://authdocs.deped.gov.ph/deped-order/do\\_s2020\\_012-adoption-of-the-be-lcp-sy-2020-2021/](https://authdocs.deped.gov.ph/deped-order/do_s2020_012-adoption-of-the-be-lcp-sy-2020-2021/)
- Llego, M. A. (n.d). *DepEd Learning Delivery Modalities for School Year 2020-2021*. TeacherPh. Retrieved from <https://www.teacherph.com/deped-learning-delivery-modalities/>
- OECD. (2020). *Strengthening online learning when schools are closed: The role of families and teachers in supporting students during the COVID-19 crisis*. Retrieved from <http://www.oecd.org/coronavirus/policy-responses/strengthening-online-learning-when-schools-are-closed-the-role-of-families-and-teachers-in-supporting-students-during-the-covid-19-crisis-c4ecba6c/>